The Cooperative Office For Call & Guidance
at Al-Olaya, Sulaimaniah & North Riyadh
Under The Supervision of
Ministry of Islamic Affairs,
Endowment, Call & Guidance

Pilipino
(Tagalog)

# ANG MENSAHE NI KRISTO AT KRISTIYANISMO

Ni
**Dr. Muhammad A. As-Suhayim**

Tel.: 4704466 - 4705222 Fax : 4705094
P. O. Box : 87913 Riyadh : 11652
Kingdom of Saudi Arabia
E-Mail : dawa_nr@hotmail.com

# ANG MENSAHE NI KRISTO AT KRISTIYANISMO

Ni
Dr. Muhammad A. As-Suhayim

Salin sa Wikang Tagalog
Ni
Monib M. Sarangani

© المكتـب التعاونـي للدعـوة والإرشـاد وتوعيـة الجاليـات
في شمال الرياض ، ١٤١٩هـ

*فهرسة مكتبة الملك فهد الوطنية أثناء النشر*

السحيم ، محمد بن عبدالله

النصرانية الأصل والواقع.- الرياض.

٠٠ ص ؛ ٠٠ سم

ردمك : ١ - ٣١ - ٧٨٧ - ٩٩٦٠


( النص باللغة الفلبينية )

١- المسيحية أ- العنوان

ديوي ٢٧٣ ١٩/١٧٩١

رقم الإيداع : ١٩/١٧٩١

ردمك : ١ - ٣١ - ٧٨٧ - ٩٩٦٠


بسم الله الرحمن الرحيم
١٤٠٥

*Sa Ngalan ng Allah, Ang Maawain Ang Mahabagin*

## Paunang Salita

Lahat ng pagpupuri ay sa Allah lamang, ang hindi nag-angkin ng anak, ang walang katambal sa Kanyang kataas-taasang kapangyarihan, ang hindi nangangailangan ng anumang tulong. Ako ay sumasaksi na walang diyos maliban sa Allah - ang tanging Nag-iisa na walang katambal - at ako ay sumasaksi na si Muhammad (Sallallahu Alaihi Wasallam)[1] ay Kanyang Lingkod at Sugo.

Isinulat ang maikling aklat na ito upang bigyang paliwanag ang orihinal na mensahe ni Kristo at ang mga doktrinang Kristiyanismo na pina-iiral sa ngayon. Ito ay inihanda para sa mambabasang

---

[1]Laging nababanggit sa Aklat na ito ang mga salitang Arabik na: *Sallallahu alaihi Wasallam* at *Alaihis Salam* na ang kahulugan sa Tagalog ay Sumakaniya nawa ang kapayapaan. Gayundin ang salitang *Alaihimas Salam* at *Alaihimus Salam* na ang kahulugan sa Tagalog ay Sumakanila nawa ang kapayapaan. *(Ang tagapagsalin)*

Kristiyano upang mapag-alaman niya ang orihinal na pananampalatayang itinuro ni Kristo at mapag-alaman din kung paano ito nabago at naiba mula sa kanyang kauna-unahang anyo na naging isang relihiyong gawa-gawa na lamang ng tao. Binanggit ang mga katibayan na nagpapatibay sa mga katotohanang makikita sa polyetong ito mula sa Torah at Injeel[2] upang magsilbing patnubay sa mambabasa tungo sa tamang landas.

Ang orihinal na mensahe ni Kristo ay isang mensaheng maka-Diyos na gaya ng mensaheng ibinigay kina Noah, Abraham, at Moises, (Alaihimus Salam). Lahat ng mensaheng maka-Diyos ay nagkakatugma sa mga pangunahing paniniwala: Paniniwala na ang Panginoon (Allah) ay iisa na walang katambal, hindi nagkaanak, ni hindi ipinanganak. Paniniwala sa

---

[2] Ang orihinal na kasulatang ibinigay ng Diyos (Allah) kay Propeta Hesus sa kanyang panahon. Ang ilan sa mga talatang nabanggit sa Injeel ay mababasa sa Bibliya. *(Ang tagapagsalin)*

mga Anghel, sa Araw ng paghuhukom, sa tadhana maging mabuti man o masama na nangyayari dahil sa kapahintulutan ng Allah at ang paniniwala sa mga Sugo at mga Propeta. Hindi kailanman nangyari sa buong kasaysayan ng mundo mula sa panahon ni Adan hanggang sa panahon ng huling Propeta na si Muhammad (Sallallahu Alaihi Wasallam) na ang isang mensaheng maka-Diyos ay sumalungat sa mga paniniwalang ito. Ang pagkakaiba lamang kung mayroon man ay yaong tungkol sa mga uri ng pagsamba at mga pamamaraan nito, o yaong tungkol sa mga bagay na pinahihintulutan at ipinagbabawal at ang mga kadahilanan nito, o yaong tungkol sa mga ibang bagay na iniutos ng Panginoon sa Kanyang mga Propeta upang ihayag sa mga taong pinagsuguan sa kanila.

Magkagayon, ang orihinal na mensahe ni Kristo ay isang mensaheng maka-Diyos na nagtuturo ng paniniwala na ang Panginoon ay iisa na walang katambal, hindi nagkaanak, ni hindi ipinanganak at nagbibigay-diin na ang Panginoon ay may mga Sugo at mga Propeta na

pinili Niya mula sa ibat-ibang henerasyon ng tao upang iparating ang Kanyang mensahe sa sangkatauhan, upang sa gayon ay wala na silang maipangangatwiran sa Kanya pagkatapos na maipadala ang mga Propeta.

**Ang katanungan ngayon ay ganito:**

Ang mensahe ba ni Kristo sa ngayon ay nananatili sa kanyang orihinal na anyo gaya ng pagkapahayag nito ng Allah sa Kanyang Sugo at Lingkod na si Propeta Hesus (Alaihis Salam)?

Upang masagot ang katanungang ito, nararapat nating suriin ang mga doktrinang Kristiyanismo na pinaiiral sa kasalukuyang panahon at ihambing sa mga turo nina Moises at Hesus ayon sa Torah at Injeel upang matunghayan natin kung ang mga doktrinang ito ay naaalinsunod o sumasalungat sa orihinal na mensahe ni Kristo. At kung ang mga salita nina Moises at Hesus (Alaihimas Salam) na nababanggit sa Bibliya ay nagpapatunay sa mga doktrinang umiiral sa pamumuhay ng kalakhang Kristiyano. At kung ang talambuhay ni Hesus (Alaihis Salam) na

matutunghayan sa Bibliya ay sumasang-ayon sa mga itinuturo ng simbahan tungkol sa kanyang katauhan, anupa't sa ngayon ang kanyang pagkatao ay naging animo'y mitolohiya o alamat na sadyang mahirap tanggapin ng pang-unawa at katuwiran.

**ANG MGA PANINIWALA SA KRISTIYANISMO AY ANG MGA SUMUSUNOD:**

1. **Ang paniniwalang si Hesus ay "Anak ng Diyos."**

Kung tutuusin, ang paniniwalang ito ay walang anumang batayan sa mga tinuran ni Hesus (Alaihis Salam). Bagkus ang Bibliya ay nagtataglay ng mga talatang sumasalungat sa ganitong paniniwala.

Ayon sa Ebanghelyo ni Juan mababasa ang ganito: *"Nang makita siya ng mga punong saserdote at ng mga bantay sila'y sumigaw: Ipako siya sa krus! Ipako sa krus!! ngunit sinabi ni Pilato: Kunin ninyo siya at kayo ang magpako sa krus, para sa akin ay wala akong makitang*

*dahilan upang isakdal siya. Sinagot siya ng mga Hudyo: May kautusan kami, at ayon sa kautusang iyon, dapat siyang mamatay sapagka't nagpapanggap siyang anak ng Diyos."* (Juan 19: 6-8)

Ang Ebanghelyo ni Mateo ay kanyang sinimulan ng talaan ng angkan ni Hesus. Siya ay nagsabi: *"Ito ang talaan ng angkan ni Hesu-Kristo na mula sa angkan ni David na buhat sa lahi ni Abraham".* (Mateo 1: 1)

Ang talaang ito ay isang pagpapatunay na si Hesus ay isang tao na sadyang hindi naaayon sa mga sinasabi tungkol sa kanya bilang anak ng Diyos. Kapansin-pansin na ang katawagang "anak ng Diyos" ay pilit na itinatangi lamang kay Hesus -- kaya naman siya raw ay anak ng Diyos sa literal na kahulugan nito.

Ang katotohanan, hindi lamang si Hesus ang tinawag na anak ng Diyos. Bagkus, ang Bibliya ay nagsasaad na may ibang mga Propeta, mga tao at mga bansang binigyan ng katawagang "anak ng Diyos". Upang mapatunayan ito, basahin ang *(Exodos 4:22 , Mga awit 2:7, I Mga*

*Cronica 22:9-10, Mateo 5:9, Lucas 3:38 at Juan 1:12 ).*

Ngayon maitatanong, bakit ang mga naturang tao na tinawag na "anak ng Diyos" ay hindi iniangat sa antas tulad ng ginawang pag-angat kay Hesus?

Ayon sa Ebanghelyo ni Juan, ang katawagang "anak ng Diyos" ay nangangahulugang isang taong matapat na sumasampalataya sa Diyos.

Siya ay nagsabi: *"Ngunit, ang lahat ng tumanggap at nanalig sa Kanya ay pinagkalooban Niya ng karapatang maging anak ng Diyos."*

Samakatuwid baga'y ang lahat ng sumasampalataya sa Kanyang pangalan ay matatawag na anak ng Diyos.

**2. Ang paniniwalang si Hesus ay Diyos na kasama ng Panginoon at siya ang pangalawang persona sa tinatawag na "Trinidad".**

Kung susuriin natin ang Bagong Tipan upang makita ang pinagbatayan ng ganitong

paniniwala, wala tayong makikita kahit isang salita ni Hesus (Alaihis Salam) na nagtuturo nang ganito. Bagkus, napakaraming talatang mababasa sa Bagong Tipan na tahasang sumasalungat sa ganitong paniniwala at malinaw na nagpapahayag na walang diyos maliban sa Allah (Ang Nag-iisang Panginoon) at si Hesus ay Kanyang Lingkod at Sugo upang magpatotoo sa Torah at Injeel sa mga angkan ni Israel.

**Narito ang ilan sa mga talatang nagpapatunay tungkol dito:**

***a)*** Sina Lucas at Cleopas ay sumasaksi na si Hesus ay isang tao lamang. *"Isa sa kanila ang nagngangalang Cleopas ay nagtanong, kayo ba lamang naninirahan sa Jerusalem na hindi nakabalita sa nangyari roon sa mga araw na ito? Tungkol saan? tanong niya. Tungkol po kay Hesus na taga-Nazaret, tugon nila. Isang Propetang makapangyarihan sa salita at sa gawa sa paningin ng Diyos at lahat ng tao."* *(Lucas 24: 18-19, Lucas 7: 16 at ang Mga Gawa 2: 22)*

***b)*** Ang tinuran ni Hesus (Alaihis Salam): *"At ito ang buhay na walang hanggan na makilala Ka*

*nila na iisang tunay na Diyos at* *__si Hesu-Kristo na Iyong sinugo__." (Juan 17: 3)*

*c)* Ayon sa Ebanghelyo ni Barnabas, si Hesus ay nagsabi: *"Ako ay sumasaksi sa harap ng langit at pinasasaksi ko ang lahat ng namumuhay dito sa mundo na* *__ako ay walang kinalaman sa mga sinasabi ng mga tao tungkol sa akin na ako'y higit pa sa isang tao__. Sapagka't ako ay isinilang ng isang babae at ako ay nasa ilalim ng kapangyarihan ng Panginoon, gaya ng ibang tao na nasasaklawan ng karaniwang paghihirap."*

*(Barnabas 1: 94)*[3]

Ayon sa unang talata, ang dalawang taong kapanahon niya ay sumaksi na siya (Hesus) ay tao lamang na nagpatotoo sa Panginoon (Allah) ayon sa kanyang salita at gawa.

---

[3]The Gospel of Barnabas, Abul Qasim Publication. Ang Ebanghelyo ni Barnabas na itinuturing apocrypha ay nagbibigay kabuuan sa banal na kasulatang ibinigay kay Hesus. Ito'y hindi mababasa sa Bibliya sa kasalukuyang panahon sa dahilang may nilalaman itong hindi naaayon sa mga pangunahing doktrina ng kalakhang Kristiyanismo. *(Ang tagapagsalin)*

Ayon sa ikalawang talata, siya ay nagpahayag na ang malaking katotohanan dito sa sanlibutan na magbibigay ng walang hanggang kaligayahan sa sinumang maniwala ay ang pagkilala sa Allah na Siyang tunay na Diyos (Lahat ng iba pang itinuturing na diyos bukod sa Kanya ay huwad at walang kabuluhan) at si Hesus ay Kanyang Sugo lamang.

Ayon sa ikatlong talata, sa Ebanghelyo ni Barnabas, si Hesus mismo ay nagpatotoo sa harap ng kalangitan at pinasaksi pa ang lahat ng namumuhay dito sa mundo na siya ay walang kinalaman sa lahat ng mga katangiang nag-aangat sa kanya upang siya'y maging higit pa sa isang mortal. Ito ay isang patunay na siya'y tao lamang.

**3. Ang paniniwalang ang Diyos ay nagkatawang tao.**

Kung susuriin nating muli ang mga aral ni Kristo (Alaihis Salam) makikita natin na siya ay hindi kailanman nagturo ng ganito. Bagkus, ang kanyang ipinangaral ay ang maniwala sa Nag-

iisang Diyos (Allah) na walang katambal. Isa sa matibay na katunayan tungkol dito ay ang tinuran ni Hesus (Alaihis Salam):
*"Dinggin mo, O Israel, ang Panginoon nating Diyos ay iisang Panginoon."* *(Marcos 12: 29)*
Maaari ring basahing muli ang mga talatang nabanggit sa unahan *(Lucas 24: 18-19, Lucas 7: 16, Mga Gawa 2: 22, Juan 17: 3 at Barnabas 1: 94)* upang matunghayan kung ang mga talatang taglay ng Bibliya ay naaayon ba o sumasalungat sa ganitong paniniwala!

4. **Ang paniniwalang ang Panginoon ay binubuo ng tatlong persona o ang kinikilalang "<u>Trinidad</u>".**

Ang ganitong paniniwala ay hindi makikita sa anumang rebelasyon na nagmula sa Diyos. Kaya naman, ang Kristiyanismo ay walang katibayan tungkol dito maging sa Bibliya. Ang walang pagkiling na pagsisiyasat sa mga turo ni Hesus ayon sa Injeel ay tiyak na makikita na ang pinakabuod ng kanyang mensahe ay ang pag-aanyaya sa paniniwala sa Allah, ang pagtuturong

ang Panginoon ay walang kawangis sa Kanyang mga nilikha, ang pagtuturong ang lahat maliban sa Allah ay walang anumang katangiang pagka-Diyos at ang pagtuturong ang Allah lamang ang karapat-dapat pag-ukulan ng pagsamba. Kung babasahing muli ang mga talatang nabanggit sa unahan, *(Lucas 24: 18-19, Lucas 7: 16, Mga Gawa 2: 22, Juan 17: 3 at Barnabas 1: 94)*, tunay na makikita na ang mga sinasabi namin ay pawang katotohanan na walang pag-aalinlangan. Bukod pa rito, ang Kristiyanismo ay nagpapalagay na ang Diyos ay may tatlong persona na magkakapantay: Ang Ama (ang una), ang anak (ang ikalawa) at ang Espiritu Santo (ang ikatlo).

Ito ay malayo sa katotohanan, sapagka't ang Kristiyanismo mismo ay naniniwala na ang Espiritu ay nagmula sa Ama at anak. Samakatuwid, hindi maaaring maging pantay sa pagiging walang simula ang tatlong persona kung ang ikatlo ay nagmula sa dalawang higit na nauna sa kanya. Gayon din na naman, ang bawat isa sa kanila ay may sariling mga katangiang

nauukol lamang sa kanya na hindi maaaring iukol sa iba. At ang Ama ay laging nasa unahan, kasunod Niya ang anak at kasunod naman nito ang Espiritu Santo. Ngunit, kailanman ay hindi ginawang baliktarin ang pagkakasunod-sunod ng Trinidad, alalaong baga ay gagawing una ang Espiritu Santo at ang anak ang nasa ikalawa at ang Ama ang nasa ikatlong antas. Ang ganitong pagkakasunod-sunod ay itinuturing nilang isang kawalang pananampalataya sa diyos at paglabag sa Relihyon. Kaya't paano maging magkakapantay ang mga ito? Gayon din, ang pagtawag na "Banal" sa Espiritu Santo ay isa pang patunay ng hindi pagkakapantay.

**5. Ang paniniwalang si Hesus (Alaihis Salam) ay ipinako at namatay sa krus.**

Ang ganitong paniniwala ay pinabulaanan mismo ng Bibliya, sapagka't ayon na rin dito, ang taong ipinako ay isinusumpa. Ayon sa Deuteronomio ang mababasa ay ganito:

*"Huwag ninyong pababayaang magdamag na nakabitin ang bangkay. Dapat siyang ilibing sa*

*araw ring iyon, sapagka't sinumang ibinitin sa kahoy ay isinumpa ng Diyos, huwag ninyong aabusuhin ang lupaing ibinigay sa inyo ng Panginoon ninyong Diyos."* (Deuteronomio 21: 23)

Ayon sa Ebanghelyo ni Lucas, binanggit na si Hesus ay binigyang kalinga at pangangalaga ng Allah mula sa maitim na balak ng mga Hudyo, anupa't hindi nila naipako.

*"Tumayo silang lahat at itinaboy siya sa labas ng bayan, hanggang sa taluktok ng burol para ibulid sa bangin. Datapwat, nagdaan siya sa kalagitnaan nila at umalis."* (Lucas 4: 29-30)

Ayon naman sa Ebanghelyo ni Juan nabanggit ang ganitong mga talata:

*"Dumampot sila ng mga bato upang siya ay batuhin, ngunit nagtago si Hesus at patalilis na umalis sa loob ng templo."* (Juan 8: 59)

*"Muli nilang pinagtangkaang dakpin siya ngunit hindi nila nahuli."* (Juan 10: 39)

Ang ganitong mga talata at marami pang iba ay nagbibigay-diin na si Hesus ay pinangalagaan ng Allah laban sa sabuwatan ng mga Hudyo. Karagdagan pa rito, mayroon pang ibang mga

talatang nagpapatunay na ang mga Hudyo ay hindi nila gaanong kilala ang personalidad ni Hesus, anupa't sila'y nagbayad pa sa isang tao upang ituro sa kanila si Hesus. *(Basahin ang nasa Mateo 27: 3-4).*

Gayundin si Hesus ay nagpahayag na ang lahat ng mga taong nagtitipon sa gabing yaon ay mag-aalinlangan sa pangyayaring magaganap sa kanya. Siya ay nagsabi: *"Lahat kayo ay mag-aalinlangan sa mangyayari sa akin ngayong gabi." (Marcos 14: 27)*[4]

**Ano ang tunay na nangyari kay Hesus dito sa mundo?**

Ang katotohanan, siya ay itinaas ng Allah sa Kanya upang iligtas siya sa kapahamakan. Malinaw na nababasa sa Bibliya ang mga talatang ganito:

---

[4]Ito ay sinipi mula sa Bibliya sa wikang Arabik na inilathala ng (The Holy Book's Publication in The Middle East) ngunit hindi ito mababasa sa Bibliya na naisulat sa wikang Inglis o sa wikang Tagalog. Ito ay isang patunay ng pagkakaiba sa isa't isa ng maraming Bibliya sa buong daigdig. *(Ang tagapagsalin)*

*"Ito si Hesus na inialis sa inyo at iniakyat sa langit."* *(Mga Gawa 1: 11)*
*"Magbibilin Siya sa Kanyang mga Anghel tungkol sa iyo at aalalayan ka ng kanilang mga kamay."* *(Mateo 4: 6)*
*"Sapagka't nasusulat ipagbibilin Niya sa Kanyang mga Anghel na ingatan ka nila upang hindi ka matisud sa bato."* *( Lucas 4: 10-11)*

**Ang ilang mga katotohanan ay nababasa sa Bibliya. Ito ay ang mga sumusunod:**

*a) Ang sinumang nakabitin sa krus ay Isinumpa.*
*b) Si Hesus ay pinangalagaan ng Diyos at hindi naipako.*
*c) Si Hesus ay nagsabi na ang lahat ng mga taong nagtitipon sa gabing yaon ay mag-aalinlangan tungkol sa mangyayari sa kanya.*
*d) Si Hesus ay itinaas ng Allah sa langit.*

Ngayon, ano ang dahilan kung bakit itinuturing na banal ang krus sa Kristiyanismo? Hindi ba ito raw ang naging sanhi ng pagkapahamak ni Hesus? Hindi ba ito isang paalaala ng pagpatay sa tao? Hindi ba ito isang sagisag o gamit ng

pagpatay sa tao? Hindi ba ang pagkapako sa krus ni Hesus ay walang anumang batayan sa kasaysayan o sa Relihiyon? Kaya't bakit labis na pinahahalagahan ang ganitong paniniwala?

***Kung mayroon mang patuloy na nasisiyahan sa ganitong paniniwala, sagutin nang tapat ang mga katanungang ito:***

- *Sino ang naghahawak ng mga kalangitan at kalupaan noong si Hesus na itinuturing ninyong Diyos ay nakapako sa krus?*
- *Pagkamatay ni Hesus paano nanatili ang mundo sa loob ng tatlong araw na walang Diyos na nangangalaga at nagpapanatili?*
- *Sino ang namamahala sa mga bituin at planeta? Si Hesus ba?*
- *Sino ang nagkakaloob ng buhay at bumabawi nito? Sino ang nagbibigay ng kapangyarihan at nag-aalis nito?*
- *Sino ang nagtutustos sa tao at mga hayop?.*
- *Ano ang naging kalagayan ng sanlibutan noong si Hesus na itinuturing na Panginoon ay nasa libingan?*

- *Sino ang bumawi ng buhay kay Hesus? Sino ang nagkaloob muli ng buhay sa kanya?*

Ang kaluwalhatian ay sa Allah lamang na lubhang malaya sa mga kasinungalingang iniuugnay sa Kanya.

**6. Ang paniniwalang si Hesus ay namatay sa krus para sa kaligtasan ng sangkatauhan at pagtubos ng manang kasalanan.**

Bukod pa sa di-matanggap ng pag-iisip at katuwiran ang ganitong paniniwala, ito rin ay sumasalungat sa mga pangunahing alituntunin at mahahalagang talata ng Bibliya.

**Ang ilan sa mga alituntuning ito ay ang mga sumusunod:**

1) Hindi pinapatay ang mga magulang dahil sa pagkakasala ng anak.
2) Ang bawa't isa ay dapat mamatay dahil sa kanyang ginawang kasalanan.
3) Ang taong nagkasala ay siyang dapat mamatay.
4) Tinatanggap ng Allah ang pagsisisi ng mga taong nagsisisi at nanunumbalik sa Kanya.

***Ang ilan sa mga talatang nagsasaad sa mga alituntuning ito ay ang mga sumusunod:***

1. *"Hindi dapat patayin ang ama dahil sa kasalanan ng kanyang anak, o patayin ang anak dahil sa kasalanan ng kanyang ama, bawa't isa ay magdurusa sa kanyang kasalanan." (Deuteronomio 24:16)*
2. *"Sa mga araw na iyon, hindi na sasabihin ng mga tao na ang magulang ay kumakain ng maaasim na ubas, ngunit ang ngipin ng mga anak ang nangilo, sa halip, bawa't isa'y mamatay para sa sariling kasalanan, sinumang kumain ng maaasim na ubas sarili niyang ngipin ang mangingilo." (Jeremias 31: 29-30)*

*"Ngunit itatanong mo, bakit hindi mararamay ang anak sa kasalanan ng kanyang ama? Yamang ang ginawa ng anak ay makatarungan at matuwid at naging maingat sa pagsunod sa aking mga utos, tiyak na siya'y mabubuhay. Ang kaluluwang nagkasala ang siyang mamamatay. Hindi maaaring maramay ang anak sa kasalanan ng ama, ni ang ama sa kasalanan ng anak. Ang katuwiran ng taong matuwid ay tatamuhin niya at ang kasamaan ng masama ay ipapataw laban sa kanya. Ngunit kung ang taong masama ay tumalikod sa lahat ng nagawa*

*niyang kasalanan, susunod sa aking mga utos at gagawa ng may katarungan at katuwiran tiyak siyang mabubuhay, hindi mamamatay. Lahat ng kasalanang ginawa niya ay di na ibibilang laban sa kanya, dahil sa matuwid na mga bagay na ginawa niya siya'y mabubuhay." (Ezekiel 18: 19-22)*

**7. Ang paniniwala sa "Huling Hapunan."**

Nang talakayin nina Mateo at Marcos ang tungkol sa Huling Hapunan, walang sinuman sa kanila ang nagsabi na ito ay ipinag-utos ni Hesus (Alaihis Salam) na mananatiling isa sa uri ng pagsamba at ritwal. Maaari ninyong basahing muli ang sanaysay nito sa dalawang Ebanghelyong nasabi upang mapatunayan ang katotohanan.

Ang katotohanan, nang maisip ni Pablo na gawin itong isa sa mga pamamaraan ng pagsamba, idinagdag niya sa sanaysay ang salitang ito: *"Gawin ninyo ito bilang pag-aalaala sa akin." (I Mga taga-Corinto 11: 24)*

Ito ang mga pangunahing doktrina sa Kristiyanismo na ipinaliwanag upang

mapatunayan na ang Kristiyanismo sa kasalukuyang panahon ay walang kaugnay kay Kristo at sa kanyang mensahe maliban sa pangalan lamang. At ang ginawang pag-uugnay na ito ay walang anumang batayan sa pangrelihyon o pangkasaysayan. Bagkus, ang Bibliya ay nagtataglay ng mga talatang nasabing tinuran ni Hesus na sadyang sumasalungat sa mga pangunahing doktrina ng Kristiyanismo.

Ang taong naghahanap ng katotohanan ay laging tumatanggi sa kabulaanan at lumalayo sa kasinungalingan. Nararapat lamang na tayo'y maging isa sa mga taong ginamit ang talinong ibinigay ng Allah at nagpunyaging tuklasin ang katotohanan.

Pag-aralan nang mabuti ang Bibliya upang matunghayan ang mga talatang magsisilbing pagpapatotoo na ang Kristiyanismo sa ngayon ay malayo sa tunay na mensahe ni Kristo. Hindi ba't ganito ang laging sinasabi kung kayo'y nananalangin. *"Sambahin nawa ang pangalan Mo, Dumating nawa ang kaharian Mo." (Mateo 6: 9-10)*

Ngunit, hanggang ngayon ay lagi pa ring kayong naghihintay at nananalangin *"Dumating nawa ang kaharian Mo."* Hindi pa ba dumating ang kahariang iyon? At kung dumating at nangyari na, bakit lagi pa ring binabanggit ang panalanging ito?

Ang kahariang iyon ay dumating na at natupad na noong dumating si Propeta Muhammad[5] (Sallallahu Alaihi Wasallam) ang panghuling Sugo ng Allah.

Siya ang ibinalita ni Hesu-Kristo (Alaihis Salam): *"Ngunit ang mang-aaliw, ang Espiritu Santo na siyang susuguin ng Ama sa aking pangalan, ang magtuturo sa inyo sa lahat ng bagay." (Juan 14:26)*

---

[5] Ang kaharian ng Diyos ay naitatag na sa pagdating ni Propeta Muhammad nang siya ay isugo upang ipangaral ang huling kapahayagang naglalaman ng ganap na mga alituntunin ng buhay at mga batas na dapat ipairal sa mundo. Ang Panginoon (Allah) ang Siya lamang dapat maghari dito sa mundo at tanging Siya lamang ang may karapatang magbigay ng mga batas para sa Kanyang kaharian. *(Ang tagapasalin)*

*"Pagdating ng mang-aaliw na susuguin ko sa inyo mula sa Ama, ang Espiritu ng katotohanang nanggaling sa Ama, siya ang magpapatotoo tungkol sa akin."* (Juan 15:26)

Sino ngayon ang nagpatotoo kay Hesus bilang Propeta at nagparangal sa kanya? At sino ang nagtatwa sa mga kasinungalingan ng mga Hudyo tungkol sa kanya? Siya ay walang iba kung hindi si Propeta Muhammad (Sallallahu Alaihi Wasallam).

Si Hesus ay nagsabi rin: *"Marami pa akong sasabihin sa inyo, ngunit hindi pa ninyo kayang unawain ngayon. Ngunit pagdating ng Espiritu ng katotohanan ay ipaunawa niya sa inyo ang buong katotohanan. Hindi siya magsasalita sa ganang kanyang sarili, ang narinig lamang niya ang kanyang sasabihin at ibabalita niya ang tungkol sa mga bagay na darating* ............. (Juan 16:12-14)

Ang katotohanan ay si Propeta Muhammad (Sallallahu Alaihi Wasallam) ang mang-aaliw na tinutukoy ni Propeta Hesus (Alaihis Salam) sapagka't siya ang nagpatnubay ng katotohanan

sa sangkatauhan at hindi siya nagsalita ng saganang kanyang sarili sa dahilang siya ay nagsabi lamang mula sa mga rebelasyong ipinahayag sa kanya. Kaya halina at sumunod sa mang-aaliw na tinuran ni Hesus (Alaihis Salam).
Siya rin ang ipinahayag kay Moises (Alaihis Salam: *"Magpapadala Ako para sa kanila ng isang Propetang katulad mo mula sa kanilang mga kaanak, ilalagay Ko sa kanyang bibig ang mga salita Ko at sasabihin niya sa kanila ang lahat ng iuutos Ko sa inyo."* (Deuteronomio 18: 18)
Ang mga kaanak ng mga anak ni Israel ay ang mga anak ni Ismael (Alaihis Salam) at walang Propetang lumabas sa mga anak ni Ismael maliban kay Propeta Muhammad (Sallallahu Alaihi Wasallam).
Siya rin ang ibinalita ni Moises (Alaihis Salam) na lalabas mula sa mga kabundukan ng Paran at umaawit ng kaligayahan ang mga taga-Sela sa pagdating niya sa kanila.
*"Dumating mula sa Sinai ang Panginoon at nagliwanag sa atin mula sa Seir, tumanyag mula sa Bundok ng Paran."* (Deuteronomio 33: 2)

*"Bayaang umawit sa kalagakan ang mga naninirahan sa Sela, bayaan silang sumigaw mula sa ituktok ng mga bundok."* (Isaias 42: 17)

Ang tinatawag na Paran ay ang bayang Makkah, at ang Sela ay isang bundok sa bayang Madinah na kung saan itinatag ni Propeta Muhammad (Sallallahu Alaihi Wasallam) ang unang pamahalaang Islamiko at gumuho sa kanyang paanan ang mga idolong sinasamba.

Ang kanyang mensahe ay lumaganap sa buong mundo na siyang dahilan na maging matiwasay ang kalooban ng bawa't pumasok sa Islam. Sana kayo'y magpasiyang yumakap sa Islam at maging isa sa mga tagasunod ni Propeta Muhammad (Sallallahu Alaihi Wasallam) upang kayo ay magtamo ng katiwasayan dito sa mundo at sa kabilang buhay.

Tungkol naman sa paraan kung paano maging kabilang sa mga tagasunod ni Propeta Muhammad (Sallallahu Alaihi Wasallam) upang makamtan ang nakamtan ng kanyang mga disipulo, wala kayong dapat gagawin kung hindi bigkasin nang taus-puso ang sumusunod:

أشـــهد أن لا إله إلا الله وأشهد أن محمدا رســول الله

*"ASH-HADU AN LAA ILAAHA ILLALLAH, WA ASH-HADU ANNA MUHAMMADAN RASULULLAH"*

Ang ibig sabihin: *Ako ay sumasaksi na walang diyos maliban sa Allah at ako ay sumasaksi na si Muhammad ay Sugo ng Allah.*

Matapos bigkasin ito, higit na kanais-nais na maligo at maglinis ng buong katawan. Dapat maunawaan ang kahulugan ng *Shahada* (Ang pagtestigo na walang Diyos maliban sa Allah at si Muhammad ay Kanyang Sugo) at mabatid ang kinakailangan nito.

Ito ay nangangahulugang walang dapat sambahin maliban sa Allah lamang -ang Tanging Nag-iisa sa Kanyang pagka-Diyos at pagka-Panginoon -at si Muhammad ay Kanyang Sugo na dapat sundin sa kanyang mga ipinag-uutos, paniwalaan ang kanyang mga sinasabi at iwasan ang kanyang mga ipinagbabawal.

Dapat ding maniwala na si Hesus ay isang alipin at Propeta ng Allah. Siya ay nilikha ng Allah sa pamamagitan ng Kanyang salitang كــن

*(mangyari nga)* at pinagkalooban ng kaluluwa mula sa Kanya. Dapat ding maniwala na ang Paraiso at Impiyerno ay totoo, at ang mga tao ay bubuhaying muli ng Allah mula sa kanilang mga libingan.

Kapag nagawa mo ito, isa ka sa magiging tagapagmana ng buhay na walang-hanggan sa Paraiso *(Jannah)* na kasama ng mga Propeta, mga martir at mga matutuwid na Muslim.

Kung nais mong bumasa ng mga karagdagang babasahin at mga aklat na sanggunian tungkol sa paksang ito upang matuklasan ang katotohanan at tamang landas, narito ang talaan ng ilang aklat na isinulat ng mga Pari at Ministro na napatnubayan sa Islam. Isinalaysay nila ang pagpasok nila sa Islam at ang kanilang mga kadahilanan kung bakit tinalikuran ang Kristiyanismo. Inilahad din nila ang mga katibayan na nagpapatunay na ang Islam ang panghuling Relihiyon na mananatili habang panahon.

**Ang mga aklat na ito ay ang mga sumusunod:**

1. The Religion and The State to Confirm the Prophecy of Muhammad by: Ali bin Rabbin At-Tabary.
2. The Islamic Advice on Exposing The Christianity by: Nasr bin Yahiya Al-Motatabbib.
3. Muhammad in The Bible, Published in Arabic and English by: The Ministry of Islamic Law in Qatar.
4. The Gospels and The Cross By: David Benjamin Kaldanie. Siya ay yumakap sa Islam at pinili ang pangalang Abdul Ahad Daud.
5. Muhammad in The Torah, The Gospels and The Qur'an by: Ibrahim Khalil Ahmad. Siya ay dating isang Ministrong Kristiyano na yumakap sa Islam.
6. The Forgiveness in The view of Islam and Christianity by: Ibrahim Khalil Ahmad.
7. Is God One or Three? by: Magdy Morgan.
8. Is Jesus Man or God ? by: Magdy Morgan.
9. The Secret of My Embracing Islam by: Fuad Al-Hashimy.
10. The Evident Light Stands for The Darkness of The World by: Muhammad Zakiyuddin Al-Najar.

Ang mga nabanggit na manunulat ay higit na pinili ang tamang landas kaysa pagkaligaw. Ang kanilang pananaliksik sa katotohanan ay nagpalaya sa kanila mula sa pagkagapos ng dati nilang pananampalatayang nagtuturo ng mga doktrinang sumasalungat sa mga itinuro ng mga Propeta. Kabilang sa mga may-akda ng mga aklat na ito ay Ministro at Paham sa pananampalatayang Kristiyanismo. Hindi ba ito nagsisilbing hamon sa inyo na itanong sa sarili kung bakit nila tinalikuran ang dating pananampalataya at hayaang tinanggap ang Islam? Ano kaya ang mga katibayang napag-alaman at naghatid sa kanila sa liwanag at patnubay.

Katotohanan hindi lamang sila ang tumalikod sa dati nilang relihiyon at yumakap sa Islam. Kung tutuusin sila ay isang maliit na bahagi lamang sa mga Ministrong Kristiyano na pumasok sa Islam. Sadyang napakarami pang iba bukod sa kanila na napatnubayan sa Islam. Halos araw-araw may pumapasok sa Islam at nagpapahayag

ng: <u>Walang diyos maliban sa Allah at si Muhammad ay Sugo ng Allah.</u>
Ang lahat ng kaluwalhatian ay sa Allah lamang, ang Panginoon ng lahat ng nilalang.

*Isinulat noong*
*3/ 1/ 1415 H. - 6/ 12/ 1993*

# النصرانية الأصل والواقع

تأليف الدكتور

**محمد بن عبد الله السحيم**

ترجمه

**منيب ممدوح سرنجانى**

باللغة الفلبينية

- تغالوغ -

المكتب التعاوني للدعوة والإرشاد وتوعية الجاليات
بالعليا والسليمانية وشمال الرياض

تحت إشراف
وزارة الشؤون الإسلامية والأوقاف والدعوة والإرشاد

فلبيني
(تاجالوج)

# النصرانية
## الأصل والواقع

تأليف الدكتور
محمد بن عبدالله السحيم

هاتف :٤٧٠٤٤٦٦ - ٤٧٠٥٢٢٢ ناسوخ :٤٧٠٥٠٩٤
ص.ب : ٨٧٩١٣ الرياض : ١١٦٥٢ المملكة العربية السعودية
شركة الراجحي المصرفية للاستثمار
حساب الصدقات ٥ / ٦٦٦٦ الورود (٣٤٩)
حساب الزكاة ٠ / ٦٥٥٥ الورود (٣٤٩)
حساب الوقف ٥ / ٩٥٥ المزرعة (٤٤٦)